ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LV Blg. 17
Setyembre 7, 2024
www.philippinerevolution.nu


EDITORYAL

# Nagpapatuloy na kasaysayan ng paglaban sa mga base militar ng US

Gugunitain ng sambayanang Pilipino sa mga darating na araw ang makasaysayang pagtatapos sa Military Bases Agreement noong Setyembre 16, 1991. Araw iyon na itinakwil ng Senado ng Pilipinas ang panukalang palawigin nang sampung taon ang pananatili ng mga base militar ng US bansa. Mistulang bulkang sumabog na humugos sa lansangan noon ang 170,000 mamamayang pinagbuklod ng makabayang mithiing alisin ang pinakakasuklam-suklam na simbolo ng dominasyon at kontrol ng US sa Pilipinas. Sa bisa ng gayong pasya at tulak ng makapangyarihang pagtutol ng bayan, nagkamit ng tagumpay ang ilang dekada na noong pakikibaka para patalsikin ang mga sundalong Amerikano sa Clark Air Base, Subic Naval Base at iba pang mga base militar ng US sa Pilipinas.

Marapat lamang na balikan ng sambayanang Pilipino ang makasaysayang araw na iyon sa kanilang pakikibaka, at sapulin ang malalim na kabuluhan niyon sa kasalukuyang panahon. Tuluyang ikasasawi ng kalayaan ng Pilipinas kung kalilimutan ang dinaanang mahabang kasaysayan ng makabayang pakikibaka. Karugtong na pakikibaka para sa tunay na kalayaan ang kasalukuyang pakikibaka laban sa bagong mga base militar ng US, mga tagibang na kasunduang militar, at nagpapatuloy na panghihimasok at pamamayagpag ng mga pwersang militar ng US sa Pilipinas.

Sa nagdaang dalawang taon, biglang dumami ang mga base militar ng US sa Pilipinas at palaki nang palaki ang presensya ng mga pwersa nito sa bansa. Sa anumang sandali, may ilandaang tropang Amerikano na nakapakat sa bansa. Tinatauhan nila ang hindi bababa sa 17 base militar ng US, kabilang ang siyam na itinayo sa balangkas ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), pati na ang iba pang base militar na hindi nila isinasapubliko.




Maya't maya, bumubuhos ang ilanlibong sundalong Amerikano sa bansa para idaos ang sunud-sunod na mga pagsasanay sa gera sa iba't ibang panig ng bansa, para sa mga pakitang-taong "makataong misyon," at para sa pamamahinga at pag-aaliw ng kanilang mga tropa. Lulan sila ng dambuhalang mga barkong pandigma ng US na idinadaong sa bansa mula sa paglalayag sa palibot ng Pilipinas, sa South China Sea hanggang sa iba pang bahagi ng Asia at Pacific.

Sa ilalim ng Visiting Forces Agreement, labas-masok sa bansa ang mga sundalong Amerikano, at nananatili sa loob at labas ng kanilang mga base militar. Dala at ipinupwesto nila ang mga *jet fighter, drone*, mga misayl, bomba at iba pang malalakas na sandata. Katu-

lad sa nakaraan, ginagamit ng imperyalismong US ang bansa bilang muog ng kanilang kapangyarihan sa Asia-Pacific para magpakitang-gilas militar, ipamalas ang kanilang nakasisindak na lakas, isagawa ang panghihimasok o agresyon sa mahihinang bansa, at tuluy-tuloy na maghanda sa gera.

Batid ang malalim na sentimyento at mahabang kasaysayan ng paglaban ng mamamayang Pilipino sa panghihimasok ng US, iniiwasan nilang tawaging mga "base militar" ang kanilang mga base militar sa Pilipinas, kundi mga "pasilidad," mga "pinagkaisahang lokasyon" o iba pang katawagan. Sa ilalim ng EDCA, itinatayo ito sa loob ng mga kampo ng AFP na nagtitiyak ng seguridad nito sa palibot at malayo sa mapanuring mata ng publiko. Anupaman, hindi maitatanggi na ang mga base militar na ito ay lugar na ekslusibong nasa kontrol ng mga pwersang militar ng US, na hindi pwedeng pasukin o inspeksyunin kahit ng mga heneral ng AFP (liban kung magpaalam at payagan), bagay na itinuturing na insulto maging ng ilang upisyal na may kaunting damdaming patriyotiko. Wala silang karapatan na siguruhing hindi nilalabag ang konstitusyon ng Pilipinas na nagbabawal sa mga armas nukleyar sa bansa.

Paulit-ulit na sinasabi ng mga upisyal ng US na sila'y "kaibigan at alyado" ng mga Pilipino upang ikubli ang katotohanang matagal na nilang ipinagkait ang kalayaan ng bansa na magpasya sa sarili nitong kapalaran. Mula nang sinakop ng US ang Pilipinas, at kahit nang "ibinigay ang independensya" noong 1946, kailanman ay hindi nito niluwagan ang pagsakal sa leeg ng bansa. Naghahari ang US sa Pilipinas sa pamamagitan ng estadong neokolonyal na ngayo'y pinamumunuan ng sunud-sunurang alipures na si Marcos. Nakasalalay ang pag-iral nito sa haligi ng sandatahang lakas na nasa mahigpit na kontrol ng US.

Ang pag-igting ng presensya at panghihimasok militar ng US ay bahagi ng estratehikong layuning ipataw ang hegemonya o kapangyarihan nito sa bansa at sa rehiyon. Layunin ng US na pangalagaan ang kanyang interes pang-ekonomya, laluna ang kontrol sa kalakalan, paglalagakan ng pautang at pamumuhunan at pagkukunan ng mga hilaw na materyales. Lalong nagiging mahigpit ang US sa pagtiyak ng dominasyon nito sa Pilipinas at sa iba pang bansa sa Asia sa harap ng krisis nito sa ekonomya ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng tumitinding imperyalistang kompetisyon sa China.

Ginamit ng US ang Pilipinas at ang interes nito sa kanyang *exclusive economic zone* para ilatag ang presensya at ekstensyon ng lakas nito sa South China Sea. Inarmasan at binigyan ang Pilipinas ng mga pinaglumaang barkong nabal ng US. Sa tulak at sulsol ng US, aktibong ginagamit ito ng Pilipinas sa paghamon sa presensya ng China sa South China Sea. Sa halip na puspusang itulak ang mga paraang mapayapa at diplomatiko bilang pangunahing paraan upang resolbahin ang mga sigalot sa karagatan sa China, pinili ni Marcos na umaktong abanteng tau-tauhang ng US at makipaggitgitan sa China sa West Philippine Sea. Tinatapatan ito ngayon ng China, imperyalistang karibal ng US, ng higit na malalaking pwersa na mas lalong nagpapataas ng tensyon at posibilidad na humantong sa pagsiklab ng armadong salpukan sa US.

Kakoro ngayon ng mga upisyal ng US, tuluy-tuloy na lumilikha ng ingay ang papet na rehimen tungkol sa "banta" ng China, sa walang kahihiyang pakay na sabihing "kailangan ng tulong mula sa US" para "ipagtanggol ang kalayaan" ng bansa sa bisa ng Mutual Defense Treaty. Dapat ubos-kayang ilantad at itakwil ang pakana na ito ng rehimeng US-Marcos.

Sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa kasaysayan, dapat maipabatid sa sambayanang Pilipino na kailanma'y hindi nangyari sa kasaysayan na ipinagtanggol ng isang imperyalistang mananakop ang kalayaan ng kanyang sinakop. Ang pagtataguyod sa kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas ay nakasalalay sa sambayanang Pilipino at sa determinasyon nilang palayain ang bansa mula sa kontrol, panghihimasok at paghahari ng imperyalismong US at ng sunud-sunurang mga naghaharing uri sa bansa. AB

ANG Bayan

Tomo LV Blg. 17 | Setyembre 7, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Nagpapatuloy na kasaysayan ng paglaban sa mga base militar ng US 1
Operasyong haras, inilunsad ng BHB-Masbate 3
Pagtutuloy sa usapang NDFP-GRP, itinutulak 3
Mga Pulang mandirigma, nakapagtapos ng BKP 3
Mga Bayani ng Agosto ng Panay, pinarangalan 3
Pandaigdigang suporta sa rebolusyong Pilipino 3
Ang krimen ng sapilitang pagkawala 4
Mababang pamantayan sa kahirapan 5
Protesta kontra *jeepney phaseout*, nagpapatuloy 6
10 kandidato pagkasenador ng Makabayan 6
Mga protesta 6
Anomalya sa CIF, batayan para sa *impeachment* 6
Mga *war games* ng US sa Pilipinas 7
Tropang Kano, hindi tanggap sa Bicol 7
3 sibilyan, pinaslang ng AFP 8
60 pambobomba at panganganyon 8
Sa madaling salita 9
Kalunus-lunos na kalagayan ng mga magsasaka 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

## Operasyong haras, inilunsad ng BHB-Masbate

NAGPULASAN ANG NAGPAPAHINGANG mga sundalo ng 2nd IB sa isang *compound* sa Barangay Puro, Placer, Masbate matapos silang salakayin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate noong Agosto 26, alas-11 ng gabi. Pinaulanan ng bala at pinasabugan ng *command-detonated explosive* ng mga Pulang mandirigma ang yunit ng 2nd IB Alpha Company na nasa lugar. Ikinagalak ng masang Masbatenyo ang armadong aksyon dahil nagbigay hustisya ito sa mga biktima ng karahasang militar ng 2nd IB.

Noong Agosto 30, pinatawan ng kaparusahang kamatayan ng BHB-Masbate ang isang elemento ng CAFGU at taksil sa taumbayan na si Jay-R Avalle sa Barangay Baras, Esperanza. Dati siyang kasapi ng hukbong bayan na aktibo nang aset ng militar.

## Pagtutuloy sa usapang NDFP-GRP, muling itinutulak

NAGSAGAWA NG PAGSAMBA (*liturgical celebration*) ang National Council of Churches of the Philippines (NCCP) at Philippine Ecumenical Peace Forum noong Setyembre 1 para gunitain ang ika-32 taong paglagda sa The Hague Joint Declaration ng mga kinatawan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) sa The Hague, Netherlands. Nilalaman ng deklarasyong ito ang balangkas ng negosasyon at ang pagkakasunud-sunod ng mga sustantibong adyenda para makamit ang makatarungan at matagalang kapayapaan.

Bago nito, kinundena ng mga rebolusyonaryong pwersa ang pahayag ni Eduardo Año, National Security Adviser, na nagsabing hindi niya nakikitang matutuloy ang usapang pangkapayapaan. Salungat ito sa pahayag na nagsabing "positibo" ang rehimeng Marcos na magbubunga ang usapan sa isang "pinal na kasunduan."

Sa harap ng magkakasalungat na senyales mula sa GRP, muling pinagtibay ng NDFP ang kahandaan nito para sa usapan bilang epektibong paraan para tugunan ang mga ugat ng umiiral na gera sibil. Ayon naman sa Partido Komunista ng Pilipinas, ang pagsulong ng usapan ay lubos na nakadepende sa lakas ng boses ng sambayanang Pilipino at sa sama-sama nilang pagtulak sa rehimeng Marcos na pakinggan ang matagal nang sigaw para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon at ang kahilingan para sa pagwawakas sa mga pang-aabuso sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

## Mga Pulang mandirigma sa Bicol, nakapagtapos ng BKP

ISANG YUNIT NG Bagong Hukbong Bayan sa Bicol ang nakapagtapos ng pag-aaral sa Batayang Kurso ng Partido (BKP) noong Hulyo sa gitna ng operasyong kombat ng militar. Ang kurso ay ibinigay sa mga bagong Pulang mandirigma at sa mga kasaping nagbalik-aral. Para umangkop sa militarisasyon, isinagawa ito sa istagard na pamamaraan.

Inilunsad nila ang pag-aaral para pagtibayin ang pundasyon sa ideolohiya ng mga kasapi ng Partido at mga bagong Pulang mandirigma. Anila, patunay ang pagdaraos ng pag-aaral na walang makahahadlang sa rebolusyonaryong pagkatuto. Nagpataas ito ng moral at napatibay sa kahandaan ng mga Pulang mandirigma sa sakripisyo at kahirapan.

## Mga Bayani ng Agosto ng Panay, pinarangalan

HIGIT 100 KATAO ang dumalo sa isinagawang programa ng parangal para sa mga Bayani at Martir ng Agosto ng Panay noong Agosto 26 sa Iloilo. Dumalo dito ang mga kaibigan, pamilya at mga dating kasama ng 11 nabuwal na mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Panay at mga kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas sa rehiyon. Namartir sila sa sunud-sunod na armadong engkwentro noong Agosto sa Iloilo at Antique.

Ang araw ng parangal ay itinaon sa ika-74 na kaarawan ni Ka Concha Araneta-Bocala, isa sa mga namartir. Nagsilbi si Ka Concha bilang isa sa pangunahing upisyal ng Panrehiyong Komite ng Partido sa Panay at konsultant ng National Democratic Front of the Philippines.

Binasa sa programa ang parangal ng Komite Sentral ng Partido sa mga Bayani at Martir ng Agosto ng Panay. Binigyan nito ng pinakamataas na parangal si Vicente Hinojales (Ka Hadjie/Ka Emil), kagawad ng Komite Sentral at kalihim ng Panrehiyong Komite ng Partido sa isla. Nanguna siya sa rehiyon ng Panay mula 2016, matapos na gumampan ng mahalagang bahagi sa komprehensibong paglago ng mga rebolusyonaryong pakikibaka sa Northeast Mindanao mula 2006 hanggang 2016.

## Pandaigdigang suporta sa rebolusyong Pilipino

IBA'T IBANG TIPO ng aktibidad ang inilunsad ng mga balangay ng Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS) sa Asia, Australia, Europe at North America para ipahayag ang kanilang pakikiisa sa rebolusyong Pilipino at manawagan ng suporta para dito. Isinagawa nila ang mga pagkilos noong Agosto 26.

Sa US, inilunsad ng mga kasapi ng grupo ang koordinadong mga talakayan at militanteng demonstrasyon sa Baltimore, Portland, Seattle, Los Angeles, New York, San Francisco at Orange County. Liban dito, itinatag rin sa bansa ang dalawang bagong kasaping organisasyon na Tanod Lupa at Guerrero. Nagkaroon din ng mga aktibidad sa Canada, The Netherlands, Finland, France, Germany, Spain, Switzerland, Denmark, Greece, Austria at sa United Kingdom, Sa Mexico, puu-puong aktibista ang nagtipon sa plasa sa Oaxaca para magsagawa ng programa.

# Ang krimen ng sapilitang pagkawala

Sa loob ng huling linggo noong Agosto, tatlo ang biktima ng sapilitang pagkawala ng armadong pwersa ng rehimeng Marcos. Naganap ang mga krimen ilang araw bago gunitain ang Pandaigdigang Araw ng mga Desaparecido noong Agosto 30.

Ang sapilitang pagkawala ay maituturing na krimen laban sa sangkatauhan kung ang mga ito'y bahagi ng malawakan o sistematikong atake laban sa sibilyang populasyon. Sa gayon, walang taning ang bisa ng mga kaso laban sa mga nagsagawa ng krimen, at may karapatan ang mga kapamilya ng mga biktima na ungkatin ang katotohanan ng mga pagkawala at igiit na bigyan sila ng bayad-danyos.

Isa sa huling biktima nito si Rowena Dasig, detenidong aktibistang estudyante at tagapagtanggol ng kalikasan mula Southern Tagalog, na hindi matagpuan ng kanyang mga pamilya mula Agosto 22. Ayon sa Lucena City District Jail kung saan siya nakakulong, "nakalaya" si Dasig sa araw na iyon matapos ibasura ang mga kasong kriminal laban sa kanya.

Sa Albay, nawawala rin si James Jazmines, 63, dating upisyal ng Kilusang Mayo Uno at kapatid ng konsultant pangkapayapaan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na si Alan Jazmines noong Agosto 23. Huli siyang nakita sa Barangay San Lorenzo, Tabaco City noong Agosto 23. Mula sa sektor ng kabataan-estudyante, nagsilbing upisyal sa impormasyon sa KMU at *executive director* ng Amado V. Hernandez Resource Center. Mula kalagitnaan ng dekada 2000, nagtrabaho siya bilang tagapayo sa mga usaping *information technology*.

Ilang araw matapos nito, dinukot naman ang 66-anyos na si Felix Salaveria Jr na aktibong kasapi ng Cycling Advocates (CYCAD) noong Agosto 28. Si Salaveria ay madalas na kasama ni Jazmines sa kanyang pagbibisikleta. Nagsilbi si Salaveria na kasaping tagapagtatag ng Tunay na Alyansa ng Bayan Alay sa mga Katutubo) at Kabataan para sa Tribung Pilipino noong dekada 1980.

Sa ilalim ng rehimeng Marcos, naitala ng Ang Bayan ang 153 biktima ng pagdukot. Sa mga ito, hindi bababa sa 43 ang desaparesido at di pa rin natatagpuan. Samantala, 32 sa mga dinukot ang pinaslang, 29 ang ikinulong, 10 ang pinalalabas na "sumurender," at 39 ang inilitaw ngunit patuloy na ginigipit ng estado. Sampu sa mga biktima ay mga bata na ginawang "hostage" ng militar. Marami sa mga kaso ay naitala sa kanayunan sa panahon ng matitinding operasyong kombat ng militar.

**Pakikibaka para sa hustisya**

Nagpapatuloy ang laban para sa hustisya ng mga kaanak ng biktima ng sapilitang pagkawala. Noong Agosto 30, Araw ng mga Desaparesidos, nagtungo sa Korte Suprema si Eco Dangla, isa sa mga biktima ng pagdukot ng estado, para maghain ng petisyon para sa *writ of amparo* at *habeas data*. Dinukot si Dangla, kasama si Jak Tiong, sa San Carlos City at apat na araw na itinago. Kasabay nito, naglunsad ng protesta ang mga progresibong grupo sa Korte Suprema para ipanawagan ang paglilitaw sa lahat ng mga desaparesido.

Sa parehong araw, nagtungo ang kabataan sa Camp Aguinaldo sa Quezon City para singilin ang AFP sa mga kaso ng pagdukot at sapilitang pagkawala sa mga aktibista.

Sa Southern Tagalog, ginunita ang araw na ito sa University of the Philippines (UP)-Los Baños. Sa UP-Diliman, ipinalabas ang pelikulang Alipato at Muog sa UP Film Center na tungkol sa paghahanap ng ina at kapatid ng desaparesidong si Jonas Burgos. Nagtipon ang mga manonood sa labas ng bulwagan matapos ang pelikula para ipanawagan ang hustisya at paglilitaw sa lahat ng mga nawawala. Binatikos rin nila ang X *rating* na ibinigay ng MTRCB sa dokumentaryo na hindi nagpahintulot na maipalabas ito sa komersyal na mga sinehan. Kasunod ng kanilang paggiit, nabigyan ito ng R-16 *rating* sa ikalawang pagrebyu noong Setyembre 5.

Sa Cebu, nag-alay ng mga bulaklak ang mga kaibigan at taong-simbahan bilang pag-alala kay Fr. Romy Romano, isang pari ng Redemptorist Church na dinukot at winala noong Huly 11, 1985. Isang araw bago nito, nagsagawa ng protesta ang Karapatan-Central Visayas para ipanawagan ang hustisya para kay Elena Tijamo na dinukot noong Hunyo 13, 2020, itinago at inilitaw na patay na noong Agosto 29, 2021. Kinundena ng grupo ang ulat ng Commission on Human Rights Regional Office 7 mula sa kunwa'y imbestigasyon nito na nagsabing walang nilabag na karapatang-tao ang mga ahente ng estado sa pagdukot at pagtago kay Tijamo. AB



# Mababang pamantayan sa kahirapan, instrumento para baratin ang sahod

Kabi-kabila na batikos ang inabot ng rehimeng Marcos nang ipagtanggol ng mga upisyal nito ang ₱21/kainan o ₱64/araw bilang pamantayan ng gutom at ₱91/araw bilang pamantayan ng kahirapan. Gamit ito, pinalalabas ni Marcos na hindi na "hirap sa pagkain" ang isang 5-ka-taong pamilya na gumagastos ng ₱9,581/buwan. Gamit ang imbentong mga presyo at singil, ipinagmamalaki ng kasalukuyang rehimen na "bumaba" ang bilang ng naghihirap na mga Pilipino mula 18.1% noong 2021 tungong 15.5% noong 2023.



Para ibaba ang pamantayan ng kagutuman, binago ng gubyernong Marcos ang laman ng "subsistence food basket" o listahan ng mga pagkain para mabuhay ang tao. Halimbawa nito ang pagtakda ng nudels bilang ulam at monggo na may dilis bilang pagkukunan ng protina, sa halip na isda o karne, na inalis sa listahan. Binawasan na nga ang laman ng basket, inimbento pa ang presyo, tulad ng ₱7/pakete para sa nudels imbes na ₱11/pakete at ₱4 para sa kapeng 3-in-1 imbes na ₱8 kung bilhin nang tingian.

Pinaliit ng mga upisyal ni Marcos ang gastos na "hindi pagkain" tulad ng sa pabahay, tubig, kuryente, pamasahe, serbisyong medikal at iba pang batayang pangangailan. Malayo ito sa katotohanan, dahil singil pa lamang sa kuryente ng karaniwang pamilya, halos maubos na ito. Noong Hunyo, nagbabayad na ng ₱1,890.32 (₱60/araw o ₱12/tao) ang isang pamilyang kumukonsumo lamang ng 200kwh/buwan. Hindi sapat ang matitirang ₱15 para sa minimum na balikang pamasahe.

Liban sa layunin nitong lumikha ng umuunlad na kalagayan ng mamamayan, ang manipulasyong ito sa estadistika ay paraan upang lalong hilahin pababa o pigilan ang pagtaas ng sahod at sweldo ng mga manggagawa at kawani. Ginagamit itong katwiran upang sagkaan ang pagbibigay ng makabuluhang umento sa minimum na sahod, na ginagamit ding salalayan para pigilan ang pagtaas ng sahod ng mga manggagawang may kasanayan. Dahil dito, tuluy-tuloy na sumasadsad ang antas ng kabuhayan ng masang manggagawa, magsasaka, mga kawani at karaniwang mamamayan.

Noong 2023, itinakda lamang ng estado ang pambansang sukatan ng kahirapan sa ₱13,873/buwan o ₱462.43/araw. Halos kalahati lamang ito sa tantya ng Ibon Foundation na ₱26,210/buwan o ₱873.66 kada araw (na katumbas ng ₱1,207 na arawang sahod sa 5-araw na linggong pagtatrabaho). Ginagamit ng rehimeng Marcos ang napakababang sukatang ito ng kahirapan upang bigyang matwid ang barya-baryang dagdag sahod na ₱35/araw noong 2023 at ₱40/araw ngayong 2024.

Mas malala pa dito ang ipinatutupad na "two-tier" o dalawang andanang sistemang pasahod na sinimulan noong 2012 una sa Southern Tagalog. Itinatakda ang unang andana na mas mababa pa sa minimum na sahod o sa karaniwang tinatanggap na sahod ng mga manggagawa sa rehiyon, bagay na lalong humihila sa sahod ng mga manggagawa. Ang ikalawang andana na diumano'y ibabatay as produktibidad, ay itinatakda lamang sa kapritso ng kapitalista at kailangan pang idaan sa negosasyon.

### Nakabubuhay na sahod laban sa kahirapan

Sa pag-aaral ng Ibon, mas reyalistikong tingnan ang bilang ng mga pamilyang Pilipino na nabubuhay nang mas mababa sa nakabubuhay na sahod para makita ang tunay na mukha ng kahirapan. Anito, nasa 13.7 milyong pamilya ang nabubuhay sa ₱23,000/buwan pababa. Samantala, ang 19.2 milyon na nabubuhay sa ₱29,000/buwan pababa ay maaring ituring na nakatuntong sa "poverty line."

Alinsunod sa kalkulasyon ng Ibon, hindi bababa sa ₱26,261/buwan ang pangangailangan ng isang 5-kataong pamilya para mabuhay nang disente. Pinakamalaking bahagi nito ang mapupunta sa gastos sa pagkain (₱13,740), kasunod sa pabahay (₱4,666), kuryente, tubig, LPG, iba pa (₱2,722), iba pang serbisyo (₱1,788) at transportasyon (₱1,487). Ang natitira (₱1,851) ay hahatiin para sa gamit sa bahay, komunikasyon, gastos pangkalusugan, pananamit, edukasyon, espesyal na mga okasyon, alak, pang-aliw, pang-impok at iba pa.

Sa isang pag-aaral naman ng Ateneo Policy Center noong Agosto, mangangailangan ang isang pamilya ng hindi bababa sa ₱693/araw (₱20,790 kada buwan o ₱138.66/tao) para pa lamang sa pagkain. Ito ay para tugunan ang rekisitong diyeta na itinakda sa "Pinggang Pinoy" ng Food and Nutrition Research Institute (FNRI) ng estado. Gamit ang pinakamurang mga sangkap, natuklasan ng pag-aaral na nagkakahalaga ng di bababa sa ₱46.20/kainan ang maituturing na malusog na diyeta sa National Capital Region, habang ₱43.80/kainan naman ang sa ibang bahagi ng bansa. AB

## Nagpapatuloy na protesta kontra *jeepney phaseout* at pwersahang konsolidasyon

SA BACOLOD, NAGSAGAWA ng surpresang pagkilos ang United Negros Transport Coalition (UNTC) sa loob ng *city hall* ng Bacolod City noong Agosto 28 para makipagdayalogo sana sa meyor tungkol sa pagpapatigil sa makadayuhang PUVMP (ngayo'y PTMP). Hinarap sila ng sanggunian na naglabas ng resolusyon para hingin sa LTFRB na iatras ang programa at ibalik ang indibidwal na mga prangkisa matapos sila dinggin.

Noong Setyembre 2-3, nagpiket sa upisina ng LTFRB Region 6 ang UNTC, kasama ang mga grupo ng tsuper sa Panay. Inihatid ng grupo ang resolusyon ng lokal na gubyerno ng Bacolod City para itulak ang ahensya na gumawa ng hakbang.

Samantala, isinumite ng Piston noong Agosto 28 ang isang petisyon na may pirma ng 1,000 drayber na nais umatras sa mga konsolidadong prangkisa na napwersa silang pasukin.

## 10 kandidato pagkasenador, tatakbo sa ilalim ng Makabayan

PORMAL NA IPINAKILALA ng Koalisyong Makabayan ang 10 kandidato nito pagkasenador sa eleksyong 2025 sa isang programa sa Liwasang Bonifacio, Manila City noong Agosto 26. Itinaon ito sa Araw ng mga Bayani.

Itinampok sa pagpapakilala ang iba't ibang isyung pambayan at interes ng ordinaryong mamamayan. Anang koalisyon, buo ang pasya nito na hamunin ang eleksyong dinodominahan ng mga paksyon ng naghaharing uri. Sigaw nila: Taumbayan sa Senado!

Sumusunod ang mga kandidato ng Makabayan sa senado:




Nagpahayag ng suporta ang mga progresibo at demokratikong organisasyon sa anunsyo ng Makabayan. Ipinabatid nila ang kahandaang ikampanya sa abot ng kanilang makakaya ang mga kandidatong ito. Ang anunsyong ito ay isang mahalagang pagkakataon sa tinatahak na landas ng koalisyon, habang patuloy nitong pinakikilos ang taumbayan tungo sa pulitika ng pagbabago, ayon sa Makabayan.

**Mga protesta sa pagbubukas ng mga unibersidad.** Daan-daang kabataan sa mga unibersidad ang naglunsad ng mga protesta noong Agosto bilang pagsalubong sa pagbubukas ng klase. Ipinanawagan nila ang dagdag-pondo para sa edukasyon, pagtigil sa komersyalisasyon sa edukasyon, pagtutol sa pagtataas ng matrikula at iba pang mga bayarin, pagtataguyod sa akademikong kalayaan at iba pa. Itinampok din nila ang ibang isyung pambayan. Nagkaroon ng pagkilos sa lahat ng kampus ng University of the Philippines. Naiulat ang mga protesta sa University of Sto. Tomas, Ateneo de Manila University, Far Eastern University, Saint Louis University, Pamantasan ng Lungsod ng Maynila, Technological University of the Philippines-Manila at Bulacan State University.

**Mga katutubo sa South Cotabato, nagtipon kontra-mina.** Mahigit 500 katutubong B'laan at T'boli ang nagtipon sa Sityo Tablo, Barangay Maan, T'boli, South Cotabato noong Agosto 22 para iparating sa NCIP ang kanilang pagtutol sa pagmimina ng 88 Kiamba Mining and Development Corporation at lahat ng iba pang aplikasyon para sa pagmimina sa kanilang lugar. Ang pagtitipon ay tugon sa ipinatawag na konsultasyon ng NCIP, pero di ito sinipot ng ahensya.

## Anomalya sa CIF, maaring batayan ng *impeachment* ni VP Duterte

MAARING MAGING BATAYAN ng impeachment complaint o reklamo para patalsikin sa pwesto bilang bise presidente si Sara Duterte ang mga anomalya sa paggastos niya sa *confidential and intelligence funds* (CIF) noong 2022, ayon kay Rep. France Castro. Ibinunyag ni Castro na ipinababalik ng Commission on Audit ang ₱73 milyon sa ₱125 milyon na CIF ni Duterte dahil sa "maling paggamit" (*misuse*) ng upisina nito sa naturang pondo. Tungo rito, pinadalhan ng COA ang upisina ni Duterte ng pabatid na hindi pinahintulutan ang kanyang gastos.

# Walang tigil ang mga *war games* ng US sa Pilipinas

Mula Enero hanggang Agosto ngayong taon, halos kada dalawang araw ay mayroong inilulunsad na *war games* ang mga pwersang militar ng US sa kalupaan, kahanginan at katubigan ng Pilipinas. Kasama nila ang mga kaalyadong pwersang militar at mga tau-tauhan nitong Armed Forces of the Philippines (AFP). Naitala ang mga *war games* na ito sa loob ng hindi bababa sa 105 sa 244 araw, kung saan pinakamatagal at walang-patlang mula Abril 7 hanggang Hunyo 21 (76 araw). Sa kabuuan, lumahok sa mga ito ang hindi bababa sa 21,000 tropang Amerikano, mga sundalong Australian, Canadian, Japanese, French at iba pang mga dayuhang tropa.

Hindi iilan ang pagkakataon na magkakasabay ang dalawa hanggang tatlong *war games* sa bansa. Sa pamamagitan ng mga ito, permanente nang nakakapaglagi ang mga tropang Amerikano sa bansa.

Bago at matapos ang mga war games, kabi-kabilang pulong, paghahanda at inspeksyon ang inilulunsad ng dayuhang mga upisyal militar sa lugar ng mga aktibidad. Sa walong buwan, halos 20 matataas na klase ng pulong ang isinagawa ng mga upisyal militar ng US sa AFP, Department of National Defense at Malacañang.

Gamit na gamit sa mga war games na ito ang siyam na permanenteng base militar (tinawag na "EDCA site") na lantad sa publiko at di bababa pitong lihim na mga pasilidad nito sa bansa. Nakapananatili rin ang tropang Amerikano sa tabing ng mga "humanitarian assistance" at "disaster response" at sa panahong nagkukumpuni ng mga barkong nabal nito sa Subic Freeport.

### Mga *war games*

Sa loob ng walong buwan, inilunsd ng US ang tatlong serye ng Multilateral Maritime Cooperative Activity (MMCA) na ngayong taon lamang sinimulan. Isinagawa ito noong Abril 7, Hunyo 16-17 at Agosto 7-8 sa West Philippine Sea (WPS) na kinasangkutan ng US, Japan, Australia, Canada at Pilipinas.

Bago nito, isinagawa ng US ang bilateral na Maritime Cooperative Activity (MCA) sa WPS pagitan ng AFP at US Indo-Pacific Command. Unang inilunsad ito noong 2023 at isinagawa ang kasunod na mga serye noong Enero 3-4 at Pebrero 9. Inilunsad naman ang "pagpapatrulya" ng US at Pilipinas sa himpapawid ng WPS noong Pebrero 19.

Kasama ang Japan, inilunsad sa WPS ang Bilateral Maritime Cooperative Activity noong Agosto 2. Halos isang buwan ito matapos pirmahan ng Pilipinas at Japan ang Reciprocral Access Agreement noong Hulyo 8. Hindi pa nararatipikahan ng Senado ang tratadong ito.

Pinakamalaki sa mga *war games* ang Balikatan 39-24 kung saan lumahok ang 16,000 tropang Amerikano, 200 sundalong Australian, at tropang French. Lumahok bilang tagamasid ang mga tropa ng 14 pang bansa.

Pinakamatagal sa mga war games ang Salaknib 2 na inilunsad mula Mayo 11 hanggang Hunyo 10, na isinagawa sa Nueva Ecija at Isabela at nilahukan ng 1,644 sundalong Amerikano. Nagtagal naman ng 40 araw ang Kasangga 24-1 na bilateral na war games ng Pilipinas at Australia mula Mayo 13 hanggang Hunyo 21.

Dalawang serye ng war games panghimpapawid na Cope Thunder naman ang inilunsad ng US, isa noong Abril at isa noong Hulyo.

### Pagkukubli sa "humanitarian mission"

Kabi-kabila ang mga "humanitarian mission" ng tropa ng US sa Pilipinas para gawing "normal" ang presensya ng mga sundalong Amerikano sa mga sibilyang komunidad.

Pinakahuli sa mga ito ang "humanitarian mission" sa ilalim ng Pacific Partnership 2024-2 noong Agosto 1-14 sa Legazpi City, Albay. Ika-20 beses nang inilunsad ang naturang aktibidad na tinaguriang "pinakamalaking multinasyunal na *humanitarian assistance and disaster relief preparedness*" sa Indo-Pacific.

Dumaong noong Hulyo 30 sa Legazpi City ang barkong nabal ng US, ang City of Bismarck, na lulan ang 500 sundalong Amerikano, Ja-

*Sundan sa pahina 8*

### Tropang Kano, hindi tanggap sa Bicol

NAGPROTESTA ANG MGA progresibong organisasyon sa Bicol noong Agosto 14 sa Legazpi City para batikusin ang presensyang militar ng imperyalismong US sa syudad. Inilunsad nila ang pagkilos sa huling araw ng "humanitarian mission" ng US sa ilalim ng Pacific Partnership 2024-2 na nagsimula noong Agosto 1.

Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Bicol, nagpiket ang mga myembro at alyadong organisasyon nito sa harap ng Marison Hotel sa Barangay 38-Cogon kung saan tumuloy ang ilan sa mga Amerikanong sundalo. Kasunod ito ng isang misa sa Albay Cathedral at karaban patungo sa Our Mother of Perpetual Help Redemptorist Church, malapit sa naturang hotel.

Ayon kay Bayan-Bicol Chairperson Jen Nagrampa, isinagawa nila ang protesta para irehistro ang pagtutol ng mga makabayang Bicolano sa mga aktibidad militar ng US sa rehiyon at maging sa buong bansa. "Sa pangunguna ng US Indo-Pacific Command, ang *humanitarian mission* nito ay *smokescreen* sa operasyong kombat," ayon pa sa grupo.

# 3 sibilyan, pinaslang ng AFP sa Negros at Masbate

Pinaslang ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang tatlong sibilyan sa Negros Occidental at Masbate sa nagdaang mga linggo. Ang Negros Occidental at Masbate ang una at pangalawang may pinakamaraming naitalang biktima ng pagpaslang sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Noong Agosto 22, brutal na pinaslang ng 94th IB ang mag-asawang sibilyan na sina Marvin Incancion, 37, at Jolina Martinez, 27, sa kanilang kubo sa Sityo Pisok, Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental. Namatay sila sa mga tama ng baril sa ulo. Halos hindi na makilala ang mukha ni Martinez dahil sa tindi ng pamamaril.

Noong Setyembre 1, pinaslang ng 2nd IB ang 30-anyos na magsasakang si Tata Bacutin sa Barangay Pili, Placer, Masbate sa kasagsagan ng pananalasa ng Bagyong Enteng. Siya ang ika-33 biktima ng pampulitikang pamamaslang sa prubinsya.

Pinalalabas na mga Pulang mandirigma na napatay sa engkwentro ang mga biktima.

**Blokeyo sa pagkain.** Labis na gutom at perwisyo ang idinudulot ng ilang linggo nang blokeyo sa pagkain ng 80th IB at 70th IB sa apat na sityo ng Barangay Umiray, General Nakar, Quezon. Hinaharang ng mga sundalo ang mga sako ng bigas at iba pang pagkain para sa mga tindahan sa mga nasabing sityo dahil sa walang-batayang paratang na ang mga iyon ay para sa Bagong Hukbong Bayan.

**Pag-aresto.** Dinukot ng mga pulis at militar at sinampahan ng gawa-gawang kasong kriminal sina Cirila Estrada, dating bilanggong pulitikal, at Victor Pelayo sa Capiz noong Agosto 29. Hindi sila kaagad inilitaw at natunton lamang ng mga grupo sa karapatang-tao at kaanak sa istasyon ng pulis sa Roxas City matapos ang dalawang araw.

Sa Quezon, iligal na inaresto ng mga pulis ang magniniyog na si Roberto Mendoza noong Setyembre 1 sa Barangay Silongin, San Francisco. Si Mendoza ay ama ng tagapagtanggol ng karapatang-tao na si Lieshel Mendoza na ginigipit ng 85th IB. Winasak rin ng mga pulis ang dingding ng kanyang kubo matapos itong halughugin.

**Panggigipit.** Iligal na kinuha ng mga sundalo ng 3rd Civil-Military Operations Battalion ng 3rd ID ang mga pangalan ng mga kasapi at upisyal ng Asosasyon sang Magagmay nga Mangingisda sa Santiago sa Barangay Santiago, Barotac Viejo, Iloilo noong Agosto 18. Sa Maynila, iniulat sa barangay ni Enrique Lozada Jr (Teng), tagapagsalita ng Bayan-Manila, noong Agosto 19 ang sarbeylans ng pulis sa kanya.

*Mula sa pahina 7*

panese at South Korean para sa naturang aktibidad. Sa Legazpi City, nagpakulo ang mga Amerikano ng mga konsyerto sa mga mall. Nakimartsa rin sila sa inilunsad na parada ng Ibalong Festival sa syudad. Bago nito, lumahok sila sa palabas na pagtatanim ng mga puno sa paanan ng Bulkang Mayon at konstruksyon ng paaralan sa Legazpi Port Elementary School.

Kabilang rin sa mga "humanitarian mission" ang "clearing operations" ng mga sundalong Amerikano sa Basco Port sa Barangay Chanarian, Basco na natapos noong Hunyo. Ang tunay na intensyon nito ay ayusin ang Basco Port upang magamit ng mga tropang Amerikano para sa mga *war games*. Ang Basco Port ang tanging pyer papunta sa mga isla sa hilagang bahagi ng Batanes, kabilang ang Mavulis Island, malapit sa Taiwan, na balak tayuan ng US ng mga pasilidad militar, daungan at lagakan ng armas pandigma. AB

### 60 pambobomba at panganganyon sa ilalim ng rehimeng US-Marcos

SA GITNA NG malawakang gutom at kahirapan, inianunsyo kahapon ni Gilbert Teodoro, kalihim ng Department of Defense, ang plano ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na bumili ng mga misayl at 40 eroplanong pandigma sa halagang ₱300-₱400 bilyon. Bibilhin ang mga ito mula sa mga Amerikanong kumpanya sa armas at kanilang mga subsidyaryo.

Sa kasalukuyan, sinasabing may 224 panghimpapawid na sasakyang panggera ang AFP. Ginagamit ang mga ito sa mga walang pakundangang pambobomba sa kagubatan at mga sibilyang komunidad sa hibang na layunin ng AFP na "gapiin" ang rebolusyonaryong kilusan.

Hindi bababa sa 60 ang naitala ng Ang Bayan na mga kaso ng pambobomba, panganganyon at istraping mula Hulyo 2022 hanggang Hunyo 2024. Ang 32 dito ay aerial bombing o paghuhulog ng di bababa sa apat na malalaking bomba gamit ang mga FA-50, Super Tucano at mga pang-atakeng helikopter.

Pinakamarami ang naitalang pambobomba at pang-iistraping sa Bukidnon, kasunod sa Northern Samar, Abra, Kalinga, Cagayan at Aurora. Nagkaroon din ng mga pambobomba sa Oriental Mindoro, Western Samar, Misamis Oriental, Apayao, Surigao del Sur, Agusan del Norte, Iloilo, Negros Occidental, Quezon at Camarines Sur, Nueva Vizcaya, Agusan del Sur, Zamboanga del Norte, Negros Oriental, Masbate at Samar.


Sa lahat ng pagkakataon, kasabay ng mga pambobombang ito ang panganganyon at masasaklaw at matatagal na operasyong kombat ng militar na pinagmumulan ng laganap na pang-aabuso at mga paglabag sa karapatan ng mga sibilyan.

# 5 sa 10

manggagawang Pilipino, karamihan kabataan, ang pumapasok sa trabaho kahit may iniindang sakit.

*Pinagkunan: KonsultaMD*






# 51.6 MILYON

lamang na mga **National ID** ang naimprenta ng pribadong kontraktor na All Card Inc mula sa 116 milyon na dapat inimprenta nito sa loob ng 4 na taon.

# 15.4%

ng kabataang kababaihang Pilipino, edad 15-24, ay hindi nag-aaral, nagtatrabaho o nakapailalim sa pagsasanay, at gayo'y bulnerable sa maagang pag-aasawa at pag-aanak, kawalan ng trabaho at kita, kahirapan at limitadong boses sa lipunan. Samantala, 10.2% ng kabataang kalalakihan ang nasa ganoon ding kalagayan.





# 62%

ng mga guro sa hayskul ay nagtuturo ng mga asignatura na hindi nila espesyalisasyon sa kolehiyo.

# ₱4.73 bilyon

ang huling taya ng pinsala ng bagyong Carina at hanging habagat sa agrikultura at pangingisda. Ang Carina ay ika-3 pa lamang sa abereyds na 20 bagyong dumadaan sa Pilipinas kada taon.

# ₱202.4 bilyon kada buwan

o ₱4.9 trilyon sa nakaraang dalawang taon ang inutang ng rehimeng Marcos Jr mula maupo noong 2022.

Mahigit 54% ito sa ₱131 bilyon kada buwan na inutang noong panahon ni Duterte na umabot sa ₱9.4 trilyon sa loob ng 6 na taon.




https://philippinerevolution.nu/


# 1945

## SETYEMBRE 2

sumurender si General **Tomoyuki Yamashita**, heneral ng Japan noong WW2, sa mga pwersang Amerikano. Nilitis at hinatulan siyang maysala sa lahat ng kanyang krimen sa digma sa Pilipinas, partikular sa "Panggagahasa ng Maynila" kung saan pinatay ng mga tropang Japanese ang mahigit 100,000 at hindi mabilang ang ginahasa, kabilang ang mga bata. **Binitay siya sa Los Baños, Laguna noong Pebrero 23 sa sumunod na taon.**

Koresponsal

# Kalunus-lunos na kalagayan ng mga magsasaka ng mais sa Bukidnon




Bago pa man sumikat ang araw, nagbabanat na ng buto si Tatay Arman sa kanyang tatlong ektaryang maisan sa Bukidnon. Humihinto lamang siya sa pagtatrabaho bago lumubog ang araw. Siya ang gumagawa sa lahat ng gawain dito—mula sa pagtatanim, pag-*spray* ng pestisidyo, pag-abono hanggang sa pag-aani. Sa kabila ng kanyang pagsisikap, kikita lamang siya ng ₱48,210 sa apat na buwang siklo ng anihan.

Ang kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno ang pangunahing dahilan ng paghihirap ni Tatay Arman. Walang suporta ang estado sa katulad niyang mahirap na magsasaka para makaagapay sa mahal na gastos sa produksyon. Wala ring subsidyo sa pagpepresyo ng kanyang ani para mabawi niya ang ginastos na kapital. Dahil dito, napipilitan siyang mangutang sa mga institusyon at indibidwal sa napakataas na interes para makapagtanim sa susunod na siklo ng anihan.

Tila pinaglalaruan si Tatay Arman at katulad niyang mga magsasaka pagdating sa bentahan ng kanilang ani. Itinataas ng mga komersyante ang presyo kapag kulang o halos walang inaani ang mga magsasaka at ibinababa tuwing anihan. Kwento ni Tatay Arman, umabot noong Hunyo sa ₱23 kada kilo ang bilihan ng mais sa panahong wala silang maibenta dahil sa El Niño. Bago nito, nasa ₱16/kilo lamang ang bilihan.

**Imperyalistang monopolyo sa mais**

Hindi sana malaki ang gastos ni Tatay Arman kung naipagpatuloy niya ang tradisyunal na organikong pagsasaka. Dulot ng imperyalistang monopolyo sa sektor ng agrikultura sa bansa, napipilitang gumamit ang mga magsasakang tulad niya ng mga *high-yielding variety* ng mais at nakasisirang mga kemikal at abono.

Kadalasan, napipilitang gumamit ang mga magsasaka ng Pioneer na klase ng mais, isa sa mga *genetically modified organism* (GMO) na binhi. Upang epektibong tumubo ang naturang binhi, kinakailangan itong gamitan ng mga abonong tulad ng Urea, na umabot na sa ₱1,400 kada sako. Ang abono ring ito ay nagdudulot ng iba't ibang uri ng peste sa mais, kaya't napipilitang bumili ang mga magsasaka ng *spray* tulad ng Alecta na nagkakahalaga ng ₱1,400 bawat galon.

Natuklasan ng mga magsasaka na ang pestisidyong kanilang ginagamit ay nagdudulot ng pagdami ng damong "bila-bila" (*paragis grass* o *goosegrass*) na hindi kayang patayin ng parehong *spray*. Napipilitan ang mga magsasaka na bumili ng ibang uri ng *spray* o kaya'y manu-manong bunutin ang damo. Dagdag dagok rin sa mga magsasaka ang mga uod na kumukutkot sa kanilang mais, bunga ng ilang buwang tagtuyot.

**Mapagsamantalang usura sa kanayunan**

Malaking pahirap sa mga magsasaka ang napakataas na interes sa pautang na ipinapataw ng malalaking usurero. Sa kaso ni Tatay Arman, napilitan siyang umutang ng abono at pestisidyo sa halos 50% na interes.

Aniya, wala siyang mapagpipilian dahil halos magkapareho ang singil ng mga usurero. Sa bayan niya, 10% ang ipinapataw na interes ng mga usurero sa mga dating mangungutang, pero halos 50% kung baguhan. Dahil dito, palaging lugi si Tatay Arman. Aniya, "Ingles gyud pirme kung ting-ani, *short*." ("Ingles na lang lagi kapag tag-ani, *short*.")

Walang pagkakaiba ang kalagayan ni Tatay Hildo na matagal nang nakaasa sa pautang para sa kanyang isang ektaryang maisan. Umutang siya ng kabuuang ₱71,370 para makapagtanim, sa 10% interes. Pagsapit ng anihan, kumita siya ng ₱67,200, kulang nang ₱4,170 hindi pa kasama ang interes.

Kung sinusubsidyuhan ng estado ang presyo ng bilihan ng mais para manatili ito sa ₱23/kilo, may kaunting ginhawa sana ang mga magsasaka. Sa maisan ni Tatay Arman, sa presyong ito, maaari siyang kumita ng ₱37,890 o ₱421 kada araw.

Ang Bukidnon ang pangalawang pinakamalaking prodyuser ng mais sa buong bansa. Umaabot sa higit 500,000 metriko tonelada (o 500 milyong kilo) ang produksyon ng mais sa buong prubinsya. Dahil sa kapalpakan ng estado, makikita rin dito ang malaking bilang ng mga gutom at lubog sa kahirapan na mga magsasaka.

*Mula sa Ang Kalihukan, rebolusyonaryong pahayagan ng mamamayan ng North Central Mindanao Region.* AB